

## ANG SAMPUNG UTOS

- I -

Exodo 20:3

Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko.

- II -

Exodo 20:4-6

Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan o ng kawangis man ng anomang anyong nasa itaas sa langit, o ng nasa ibaba sa lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa: Huwag mong yuyukuran sila, o paglingkuran man sila; sapagka't akong Panginoon mong Dios, ay Dios na mapanibughuin, na aking dinadalaw ang katampalasanan ng mga magulang sa mga anak, hanggang sa ikatlo at ikaapat na salin ng lahi ng mga napopoot sa akin; At pinagpapakitaan ko ng kaawaan ang libolibong umiibig sa akin at tumutupad ng aking mga utos.

- III -

Exodo 20:7

Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Diyos sa walang kabuluhan; sapagka't hindi aariin ng Panginoong walang sala ang bumanggit ng kaniyang pangalan sa walang kabuluhan.

- IV -

Exodo 20:8-11

Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin. Anim na araw na gagawa ka at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain. Nguni't **ang ikapitong araw ay sabbath ng Panginoon mong Dios**: sa araw na iyan ay huwag kang gagawa ng anomang gawa, ikaw, ni ang iyong anak na lalake ni babae, ni ang iyong aliping lalake ni babae, ni ang iyong baka, ni ang iyong tagaibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuang daan: Sapagka't sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng nangaroon, at nagpahinga sa ikapitong araw; na ano pa't **pinagpala ng Panginoon ang araw ng sabbath, at pinabanal**.

- V -

Exodo 20:12

Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina: upang ang iyong mga araw ay tumagal sa ibabaw ng lupa na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios.

- VI -

Exodo 20:13

Huwag kang papatay.

- VII -

Exodo 20:14

Huwag kang mangangalunya.

- VIII -

Exodo 20:15

Huwag kang magnanakaw.

- IX -

Exodo 20:16

Huwag kang mabibintang sa iyong kapuwa.

- X -

Exodo 20:17

Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapuwa, huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapuwa, ni ang kaniyang aliping lalake o babae, ni ang kaniyang baka, ni ang kaniyang asno, ni anomang bagay ng iyong kapuwa.


Santiago 2:10 "Sapagka't ang sinomang gumaganap ng buong kautusan, at gayon ma'y natitisdod sa isa, ay nagiging makasalanan sa lahat."

Sinabi ni Hesus, "HUWAG NINYONG ISIPING ako'y naparito upang sirain ang kautusan o ang mga propeta: ako'y naparito hindi upang sirain, kundi upang ganapin." Mateo 5:17

## ANG PAG-AMIN NG VATICAN SA PAGBABAGO

"Walang sinasabi sa Bibliya tungkol sa pagbabago ng araw ng Panginoon mula Sabado hanggang Linggo. Alam natin ang pagbabago ay mula lamang sa tradisyon ng Simbahan –isang katotohanang ipinasa sa atin mula pa noong unang panahon ng buhay na tinig ng Simbahan. Iyan ang dahilan kung bakit hindi makatwiran ang saloobin ng maraming di-Katoliko, na nagsasabing hindi pa rin sila maniniwala sa anuman maliban kung ito ay makikita nila sa Bibliya at gayunpaman ay patuloy na ipangilin ang Linggo bilang araw ng Panginoon ayon sa sinasabi ng Simbahang Katoliko." – *The Faith Explained, ni Leo J. Trese, p. 26. Nihil Obstat ni Louis J. Putz, C.S.C., Univ. of Notre Dame. Imprimatur ni Le A. Pursley, D.D. Bisho sa Wayne, Indiana.*

Inihula ng Daniel 7:25, "At siya'y (ang Kapapahan) magbabadya ng mga salita laban sa Kataastaasan, at ... IISIPING BAGUHIN ang panahon at ang kautusan."



"Ang Linggo ay isang institusyong Katoliko... Mula sa simula hanggang sa katapusan ng Kasulatan ay walang kahit isang sipi na nagbibigay-katwiran sa paglilipat ng lingguhang pampublikong pagsamba mula sa ikapitong araw patungo sa unang araw." – *Catholic Press, Sydney, Australia, Agosto 1900*

## PAHAYAG ng PAG-IBIG

Ang unang apat sa Sampung Utos ay buod sa isang dakilang tuntunin, "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo." Ang huling anim naman ay kasama sa isa pa, "Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili."

Ang dalawang kautusang ito ay mga pagpapahayag ng prinsipyo ng pag-ibig. Ang una ay hindi maaaring sundin habang ang pangalawa ay nilabag, at ang pangalawa ay hindi maaaring sundin habang ang una ay nilabag. Kapag ang Diyos ay may Kanyang nararapat na lugar sa trono ng puso, ang tamang lugar ay ibibigay sa ating kapwa. Mamahalin natin siya gaya ng ating sarili. At sa pamamagitan lamang ng lubos nating pag-ibig sa Diyos na posibleng maibig natin ang ating kapwa nang walang kinikilingan. At dahil ang lahat ng mga utos ay ang kabuuan ng pag-ibig sa Diyos at sa tao, kaya walang isang tuntunin ang maaaring sirain nang hindi nilalabag ang prinsipyong ito. Ang Batas ng Diyos ay hindi isang koleksyon ng iba't ibang mga tuntunin, na ang ilan sa mga ito ay may malaking kahalagahan, habang ang iba ay hindi gaanong mahalaga at maaaring balewalain nang walang parusa. Iniharap ng ating Panginoon ang unang apat at huling anim na utos bilang isang banal na kabuuan, at itinuturo na ang pagmamahal sa Diyos ay ipapakita sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng Kanyang mga Kautusan.

## GAWIN at MABUHAY

Ang Sampung Utos, "Gawin", at "Huwag", ay sampung pangako, na binigay sa atin kung tayo ay susunod sa utos na namamahala sa sansinukob.

*"Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos."  
Juan 14:15*

Narito ang kabuuan at sangkap ng Batas ng Diyos. Ang mga tuntunin ng kaligtasan para sa bawat anak na lalaki at babae ni Adan ay nakabalangkas dito.

Ang Sampung banal na Utos na sinabi ni Kristo sa bundok ng Sinai ay ang paghahayag ng katangian ng Diyos, at ipinaalam sa mundo ang katotohanan na Siya ay may kapamahalaan sa buong pamana ng tao. Ang batas na ito ng Sampung Utos ang pinakadakilang pag-ibig na inihandog sa tao, ay ang tinig ng Diyos mula sa langit na nagsasalita sa bawat isa na may pangako, "Gawin mo ito, at hindi ka mapapasailalim sa kapangyarihan at kontrol ni Satanas." Walang negatibo sa batas na ito, bagama't ganito ang pinapakita. Ito ay GAWIN, at MABUHAY.


*"Mapapalad ang tumutupad ng Kanyang mga utos, upang magkaroon sila ng karapatan sa punong kahoy ng buhay, at makapasok sa lungsod sa pamamagitan ng mga pintuan."  
Apokalipsis 22:14 (KJV)*

Ang pakikidigma laban sa Batas ng Diyos, na sinimulan sa langit, ay magpapatuloy hanggang sa katapusan ng panahon. Ang bawat tao ay susubukin. Ang pagsunod o pagsuway ay ang tanong na dapat pagpasyahan ng buong mundo. Ang lahat ay tatawagin upang pumili sa pagitan ng Batas ng Diyos at ng mga Batas ng tao. Dito iguguhit ang linya ng paghahati. Magkakaroon lang ng dalawang grupo. Ang bawat karakter ay ganap na mabubuo; at lahat ay magpapakita kung pinili nila ang panig ng katapatan o ng paghihimagsik sa Batas ng Diyos.

Para sa karagdagang kaalaman, mangyaring bisitahin ang  
[www.sdrtracts.org](http://www.sdrtracts.org) - [www.remnantofgod.org](http://www.remnantofgod.org)  
[www.sdrasia.org](http://www.sdrasia.org) - [www.gospelorder.com](http://www.gospelorder.com)

## ANG SAMPUNG UTOS

EXODO 20:3-17



*"Ito ang wakas ng bagay; lahat ay narinig: ikaw ay matakot sa Dios, at sundin mo ang Kaniyang mga Utos; sapagka't ito ang buong katungkulan ng tao." Ecclesiastes 12:13*